
A COLLECTION OF SHORT STORIES
TELL ME ON A LAZY AFTERNOON
STORIES BY VANESSA, YLANG SY, AND SINTA LAUREL

This collection was designed with short reads in mind—perfect for those moments when you're on queue for a bus, train, cab, at the doctor's office, or in line at a government agency.

To make the book feel cohesive, I edited and rewrote most of the stories so they share the same voice and flow. I chose a "confession style" for the overall tone—personal, direct, and consistent throughout.

I hope you enjoy these stories wherever life finds you with a little time to read!

Vanessa

This e-book is exclusively available for purchase through Whimsical Books Ph for personal use only. If you acquired this copy from a source other than Whimsical Books Ph, please inform us, and we'll reward you for the information.

All rights reserved. No part of this book may be copied, distributed, or transmitted in any form or by any means, including screenshots, without the prior written permission of the author, except for brief quotations used in critical reviews or permitted by copyright law for noncommercial purposes.

This is a work of fiction. All characters and events are either products of the author's imagination or used fictitiously.

**Tell Me on a Lazy Afternoon,**
**a Collection of Short Stories**
Copyright © 2024 by Vanessa, Sy, Laurel
ISBN: 978-621-06-2202-7
*vanessa-writes.com*

Images and illustrations are copyrighted and used with permission from their respective owners.

Distributed by Whimsical Books Ph

A COLLECTION OF SHORT STORIES

# TELL ME ON A LAZY AFTERNOON

STORIES BY VANESSA,
YLANG SY, AND SINTA LAUREL

# *Breadwinner*

Madalas na parang hindi ko na kaya ang obligasyon ko sa pamilya. Sobrang toxic nila, pero matagal bago ko `yon natanggap. Ako kasi ang panganay, kaya mula't sapul, ako na ang breadwinner.

Walang trabaho si Nanay. Si tatay, kung saan-saan lang dumidilihensiya. Minsan may pera, madalas wala. `Yong mga kapatid ko naman, maaga nagkaanak pero wala ring matitinong trabaho. Sa totoo lang, parang ako na ang nagpaaral sa lahat ng pamangkin

ko. Kung hindi ako kikilos, wala silang kakainin o mapupuntahan.

Nagtatrabaho ako sa call center sa gabi, part-time cashier sa grocery tuwing weekends. Kailangan kong magdoble-kayod kasi `yong mga hinihingi nila walang katapusan—tuition, pambayad ng daycare, pamasahe, pati panggatas. Bukod pa `yon sa koryente, tubig, internet.

Akala ko noon, normal lang ito. Responsibilidad ko raw kasi sila. Katwiran ni Nanay, sino pa ba ang magtutulungan kundi pamilya rin. Na sa amin daw, ako ang sinuwerteng pinag-aral ng kapatid niyang nasa Hong Kong. Ang kapalit daw noon, ako naman ang tutulong sa pamilya.

Hanggang dumating si Dado sa

buhay ko. Dalawang taon nang kami, pero madalas kaming magkaiba ng pananaw tungkol sa pagtulong sa pamilya. Sabi niya, wala daw masamang tumulong pero dapat daw na magtabi ako ng para sa sarili ko. Hindi rin niya maintindihan kung bakit palaging second priority siya sa buhay ko.

Mahal ko si Dado, pero sa sobrang dami ng responsibilidad ko, parang wala na akong maibigay sa kanya. Nagtatampo siya tuwing kinaka-cancel ko ang mga date namin o `di kaya lagi akong pagod kapag magkasama kami. Minsan, nagplano siya ng date pero nakakatulog na lang ako sa sine. O kaya kapag nasa bahay niya, magpapapresko siya sa banyo pero paglabas niya, tulog

na ako sa sofa.

Naaawa naman daw siya sa akin kaya hindi na niya ako ginigising pero sobra na daw siguro ang pagtulong ko kasi hindi ko na obligasyon ang anak ng mga kapatid ko. At dahil hindi lang naman daw ako ang gumagamit ng utilities sa bahay, hindi daw siguro masamang mag-share ang mga kapatid ko at magulang. Pero hindi niya kasi naiintindihan na ako ang nakakaluwag.

Minsan tinanong niya ako, “Hanggang kailan mo gagawin ‘yan? Kailan naman tayo o ang sarili mo?” Hindi ko alam ang sagot. Parang natural na lang sa akin na unahin ang pamilya ko. Pero habang tumatagal, nararamdaman ko na rin na hindi na tama.

Plano sana ni Dado na mag-out-of-town trip kaming dalawa para sa anniversary namin. First time sana namin makakapagbakasyon. Inipon niya `yong leave niya para dito, at ako naman, excited din kahit alam kong mahirap magpaalam sa pamilya ko.

Pero isang araw bago ang trip, tumawag si Ate—walang pambayad ng tuition ang mga anak niya. Alam kong wala na akong extra, pero hindi ko rin kayang hindi sila tulungan dahil hindi daw makakapag-exams kung hindi bayad.

Habang nasa trip, wala sa loob kong nabanggit na sayang ang holiday pay kung hindi kami nagbakasyon, sabay OT pa sana ako kaya malaki rin ang nawala sa akin. Hindi ko maiwasang

magkuwenta at `yon talaga ang laman ng isip ko dahil gipit na gipit ako. Napunta kay Ate ang pang-bills ko that month. Ang hirap kasi ng taong palaging madaming bayarin, parang ino-occupy na ng bills ang utak mo.

Nagtampo si Dado. Hindi na maipinta ang mukha niya at ang sabi, magta-transfer daw siya ng pera sa akin. Napaiyak ako, sabay sorry ako nang sorry. Buntong-hininga ang sagot niya, niyakap ako, pero ang sabi sana daw huwag ko namang iparamdam sa kanya ang ganoon sa susunod kasi ang bigat daw.

Naisip ko noon, suwerte ako kay Dado.

One time, niyaya niya akong mag-dinner at naabutan niya ako sa

restaurant na nagkukuwenta ng bills. Sinabi kong hindi ako makakasama sa kanila sa Laguna sa darating na weekend kahit birthday ng mama niya dahil kailangan kong magtrabaho. Kulang ang pera ko para makabayad sa loans. Doon siya hindi nakatiis. Sabi niya, hindi niya na raw kayang lagi siyang nasa huli. Pumili daw ako, siya o magpapatuloy kong kubain ang sarili ko para sa pamilya ko. Paano daw kami bubuo ng pamilya kung ganito nang ganito. Paano daw kami magpapakasal.

Ang bigat sa dibdib ng ultimatum na `yon. Mahal ko si Dado, pero paano ko naman iiwan ang pamilya ko? Kailangan nila ako. Malinaw sa akin `yon. Kaya nakipag-break na si Dado. Walang galit, pero sobrang lungkot.

“Kung hindi mo tayo pipiliin ngayon, kailan pa?”

Sa totoo lang, hindi ko alam.

Pag-alis ni Dado, pakiramdam ko, parang nawalan ako ng sarili kong mundo. Pero imbes na mag-move on, lalo lang akong nilunod ng mga problema ko sa pamilya. Imbes na maawa sila sa kalagayan ko, parang mas lalo pa silang umasa. Ang mga kapatid ko, walang tigil ang pangungutang—pambili lang ng diaper, gatas, baon, at iba pa. Babayaran daw ako, pero alam kong hindi. Si Tatay, laging nagre-request ng pambiling alak. Si Nanay, imbes na tulungan ako, siya pa ang nagsasabing dagdagan ko na lang ang trabaho ko para hindi ako hirap. Sabi niya, bata pa raw ako. Siya nga daw

naglalabada habang buntis sa akin para lang may makain.

Lalo lang akong nabaon sa stress. Pagod na pagod na ako, pero wala silang paki. Sa tuwing tatanggi ako, drama agad. “Ano, pababayaan mo na kami?” May araw na gusto ko na lang umiyak buong gabi, pero wala akong panahon para doon. Kailangan kong magtrabaho para makaraos.

Lumipas ang ilang buwan at naospital ako. Kababayad ko lang ng loan pero loan na naman dahil walang tutulong sa akin kundi ako lang. Noon ko naisip, sila nakasandal sa akin pero ako walang sandalan. Kailangang may magbago. Walang mangyayari kung magpapatuloy ako sa ganito. Hindi sila magbababago, kahit anong gawin ko.

Wala silang plano tumayo sa sarili nilang mga paa. Ako lang ang laging sasalo.

Isang gabi, dumating ang moment na nagbukas ng mata ko nang tuluyan. Ang kapatid kong lalaki, bigla na lang humingi ng pera para makabili ng bagong cellphone. Nang tumanggi ako, galit pa siya. Sinumbat ang obligasyon ko sa pamilya dahil ako lang ang pinag-aral ni Tiyang. Feeling nila, inagawan ko sila ng pagkakataong makapag-aral.

Doon ko na-realize na mawawalan na ako ng respeto sa sarili ko kung hahayaan kong magpatuloy na ganito ang buhay ko. Sila, patuloy na umaasa sa akin, habang ako, unti-unting nauupos. Noon ko biglang naalala ang lahat ng pinagpalit ko para sa kanila at

ang pinakamalaki doon—si Dado. First time kong nagwala. Ang sigaw ko, sagad sa baga ko. Una, sa akin kampi sina Nanay pero nang sinabi kong hindi ko na sila tutulungan, na aalis na ako para matuto sila, biglang dinaan na ako sa guilt trip.

Pero para akong sinaniban ng toro noong gabing `yon. Sabi ko, kung hindi ako aalis, hindi ko alam kung ano ang puwede kong gawin. Baka kung ano pa masabi kong hindi ko na mabawi.

Pag-alis ko sa bahay, dala-dala ko lahat ng galit, sakit, at panghihinayang. Parang may bumagsak na malaking pader sa dibdib ko. Pagkatapos ng lahat ng taon na binigay ko sa kanila, wala man lang kahit konting pasasalamat. Wala akong tinanggap kundi galit at

sumbat. Pero alam ko na—hindi na ako babalik sa dati. Tapos na ako sa pagiging tagasalo ng lahat.

Sa mga unang linggo sa bagong apartment, parang nawawala ako sa sarili. Ang daming beses kong tinanong kung tama ba ang ginawa ko. Mahirap mag-isa, lalo na kapag nasanay ka nang lagi kang may kasama. Pero unti-unti, sinimulan ko nang ayusin ang buhay ko. Gumawa ako ng budget plan at binayaran ko ang mga natitira kong utang. Naghihintay ako na mag-sorry sa akin ang mga kapatid ko, si Nanay. Pero napilitan akong i-block silang lahat dahil pinagmumumura pa nila ako. Madamot daw ako, na sana masaya na ako, na sayang lang ang pinampaaral sa akin, na tandaan ko daw na ang pamilya

panghabang-buhay, na ang kadugo ay kadugo, mga ganoong salita ba.

Noong una, bothered ako pero natuto akong makatulog nang mahimbing nang ma-realize kong sakal-sakal nila ako sa guilt trip mula pa noon. Saan ba ako nagkulang, eh, kung mamatay ako sa pagkayod para sa kanila, malamang ako pa ang susumbatan dahil ang kapal ng mukha kong mamatay na lang bigla, paano na sila at sayang naman pinampaaral sa akin.

Isang araw, habang tinitingnan ko ang kalendaryo, naisip ko si Dado. Eight months na rin mula nong huli kaming magkita. Kung kasama ko siya ngayon, siguro mas magaan. Pero alam ko, kailangan kong gawin ito mag-isa. Ang

desisyon kong humiwalay sa pamilya ko—akin iyon. Hindi iyon tungkol sa kanya. Kahit mahal ko pa si Dado, kailangan kong piliin ang sarili ko bago ako maging handa para sa ibang tao.

Sa mga sumunod na buwan, natutuhan kong alagaan ang sarili ko. Nagkaroon pa ako ng pagkakataong mag-apply para sa promotion. Ngayon ko lang naramdaman na kaya ko palang mag-focus sa mga bagay na gusto kong gawin. Walang sagabal, walang umaasa. Para sa unang pagkakataon, sarili ko lang ang iniisip ko.

Pagdating ng sahod, ini-spoil ko ang sarili ko. Bumili ako ng mga bagong damit at inayos ko ang apartment. Naglagay ako ng mga halaman sa bintana at bumili ng mga libro. Wala

akong masyadong kaibigan, pero okay lang iyon. Nag-e-enjoy ako sa katahimikan. Pero nag-iipon din ako. Sakali mang dumating ang oras na mag-sorry sina Nanay, plano kong patayuan sila ng tindahan para doon na nila kunin ang panggastos. Pero ibibigay ko lang kung makikita kong magtitiyaga sila at hindi wawaldasin ang puhunan.

Sabi ng kapitbahay ko, may trabaho na raw ang mga kapatid ko, pati si Nanay. Naawa ako sa nanay ko, sa totoo lang, pero naisip kong kung babalik ako sa kanila na ganoon ang attitude niya sa akin, mauulit din lang ang noon. Kailangan nilang ma-realize na tao ako, na may hangganan ako.

May mga araw pa ring nakakaramdam ako ng lungkot. Gabi-

gabi, naiisip ko si Dado. Tahimik ang Facebook niya. Kahit noon hindi siya mahilig sa mga ganoon. Hindi ko alam kung kumusta na. Baka may iba na, hindi kaya? Masakit isipin pero wala na rin akong magagawa.

Isang araw, habang naglalakad ako sa mall na madalas naming puntahan ni Dado, nakita ko siya sa coffee shop na madalas din naming tambayan noon. Nagkatinginan kami. Grabe ang tibok ng puso ko. `Tapos bigla akong parang naiiyak na hindi ko maintindihan. Alanganin akong kumaway.

Ngumiti siya at tumayo, lumapit agad sa akin.

"Kumusta?" tanong niya.

Ang guwapo pa rin niya. Ang bango pa. Nami-miss din kaya niya ako?

“Ayos lang,” nahihiyang sabi ko.

Niyaya niya akong magkape. Pumasok ako. Inorderan niya ako. Bumalik siya agad sa mesa, saka sinabi, “Ang ganda mo lalo ngayon.” Ngumiti siya. “Na-miss kita.”

Napatingin lang ako sa kanya, ang lakas pa rin ng tibok ng puso. Ngumiti ako mayamaya. Kinantiyawan ko siya na baka isumbong ko siya sa girlfriend niya. Style lang para malaman kung baka may bago na siya.

Sabi niya single pa rin siya. Ngumiti ako. Habang umiinom kami ng kape at nagkukuwentuhan nang parang walang nangyari, ramdam ko ang bagong simula. Hindi na ako takot na mahalin ang sarili ko. At handa na ako para sa kung anoman ang darating.

Habang nakatingin ako sa mga mata niya, ramdam ko, ito na ang bagong simula namin.

# *Missent Kalandian*

Medyo sabog ang utak ko noong araw na `yon. Ang daming trabaho sa opisina. May AFAM akong ka-chat for a few weeks, nakilala ko sa dating app. Ang saya ng mga usapan namin, pero hanggang sa chat lang talaga kami kasi sinabi niya naman na malabo siyang makapunta sa Pinas. At kapag ganoon, malandi ako. Meron akong nakukuhang lakas ng loob kasi hindi ko naman makikita ang ka-chat ko kahit kelan. Nagfi-feeling seductress lang ba.

Training kapag meron nang totoong boylet.

Habang hell week sa office, naglalandian kami ni AFAM. Imagine, in between spreadsheets, nag-spread ako ng legs sa chat, nagpapanggap na nasa bahay ako at nag-iisa sa kuwarto. Hindi ko alam kung bakit ganoon ang trip ko minsan. Siguro gusto ko lang maramdaman na meron akong boyfriend, kahit fake lang ba, na may exciting part sa buhay ko.

*I need you now*, basa ko sa message ni Afam. Nag-reply ako ng *Baby, I need you*, too. *I need your big dick inside of me* eme. Siyempre S.P.G. na mga salitang gamit ko. Akala ni AFAM talagang nagbo-bold ako. Wala siyang idea na tambak ang trabaho ko. Pasimple ko ring kinunan

ng picture ang dibdib kong medyo inipit ko para lutang na lutang ang dalawang kabundukan. Pang-porn na atake ba, kahit fake.

Pagkatapos kong mag-send ng pic, ang saya ko pa. Pero mayamaya bigla akong natigilan dahil na-realize kong may kakaiba sa last message ni AFAM, dahil parang tama ang punctuation marks at walang emojis. Bigla kong dinampot ang cellphone at napanganga nang makitang ang napadalhan ko ng mga censored na message with matching picture ng kambal na bundok ay hindi si AFAM kundi si Sir Migs! Hindi naman revealing sobra ng picture, mukha lang kasi nga inipit ko ang mga kabundukan, pero nakadamit naman ako siyempre. Pero kahit na!

Napapakaistrikto pa naman ni Sir Migs at Diyos ko, ang damot-damot sa ngiti.

Sobra akong na-stress. Feeling ko mawawalan ako ng trabaho, kundi man magkakaron ng meeting sa HR kasi nag-discuss na sila noon tungkol sa mga nangyayaring affairs sa office. Strictly not allowed, siyempre. Eh, sa kaso ko, parang ako pa ang lumalabas na salarin kung magkakakaso man. Sa lahat pa naman ng boss sa office, si Sir Migs ang talagang hindi mo mabibiro nang ganoon. `Tapos nabanggit ko pa sa ilang kaopisina ko na crush ko siya kasi mukhang mahirap abutin. Madalas pa akong magbiro na magiging akin din siya. Pero siguro naman alam ng lahat na joke lang `yon kasi alam naman ng buong office na may girlfriend na siya.

Lord, ano na'ng gagawin ko? Mukhang ito ang napapala ng mga malalandi.

Heto na, lumapit na si Sir sa cubicle ko. Seryoso ang mukha niya, at sinabihan akong gusto niya akong makausap sa opisina niya after lunch. Kabado ako, pero wala akong choice. Pumunta ako sa opisina niya after ng break, expecting the worst. Pinagpapawisan ako nang malamig.

Pagpasok ko, nakatayo siya sa tabi ng desk niya, halatang nag-iisip.

"Sir, about the missent message," sabi ko agad. "Sa iba ko po talaga `yon dapat pinadala. Nalito lang po ako, sir."

"Really?" sabi niya, walang kangiti-ngiti, halatang hindi naniniwala. Dagdag pa niya, mas maigi daw sigurong tawagin niya si Sir Ambeth,

ang head ng HR.

Lagot ako kapag nagkataon dahil mainit ang dugo noon sa `kin. So no choice ako kundi ipakita ang chat namin ni AFAM kay Sir Migs para maniwala siya sa paliwanag ko. Importanteng makita niya ang timestamp ng messages at ang flow ng usapan para mapatunayan na nagsasabi ako ng totoo. So habang nakaupo siya, nasa likuran niya ako at nakatayo, panay ang scroll sa chat namin ni AFAM, nilunok na ang lahat ng kahihiyan dahil at least, makita man ni Sir Migs ang kahalayan ko, hindi naman ako mawawalan ng trabaho. Hello, three years na ako sa kompanya at magkaka-increase na ang sahod ko next year.

"So parang stress reliever ko lang po, sir, ang chatting while working. Kung ang iba nakikinig sa music, ako naman nagcha-chat," paliwanag ko, pinagpapawisan nang malamig hindi lang dahil sa possibility na makaabot sa HR ito, kundi lalo dahil imposibleng hindi niya nabasa ang kahalayan ko.

"Well, this is embarrassing. You may go," sabi niya.

Para akong nakahinga nang maluwag, grabe talaga. At sa totoo lang, hindi ko inasahan kay Sir na hindi niya ie-escalate kasi nga masyadong matuwid. Bayani yata ang mga ninuno. Pero parang lumalabas din na fair naman siya. Napatunayan ko na hindi ko siya nilalandi kaya let it go na lang.

At dahil doon, lalo na akong

nagkagusto sa kanya. Naalala ko pa noong nakatayo ako sa likod niya. Ang bango at fresh. Hardworking din siya, matalino. CPA. Siya ang tipo ng lalaking kapag pinakilala mo sa magulang mo, ikaw pa ang pagagalitan kapag hindi mo nakatuluyan. Pero mailap nga siya kaya nagkasya na lang ako sa patingin-tingin.

Isang hell week ulit sa office, naiwan na ako sa cubicle sa dami ng gawain. Nang matapos ako, tumuloy ako sa break room at nakita ko doon si Sir Migs. Bahagya lang siyang tumango sa akin, parang malungkot.

"Okay ka lang, sir?" tanong ko.

Tumango siya, tinanong kung bakit nandoon pa ako. Noong sabihin kong katatapos ko lang, ang tanong kung

gusto ko raw kumain. Magpapa-deliver daw siya. Sabi ko, sige. Sino ako para tumanggi sa libreng dinner?

Nasa pantry lang kami habang naghihintay ng delivery. Noon ko lang siya nakitang ganoon. Para kasing may pader sa paligid niya noon.

"Okay ka lang ba talaga, sir?" tanong ko ulit.

Ang pakla ng tawa niya, sabay sabi na "no" daw. Nagulat ako, hindi ko ini-expect na magsasabi siya ng ganoon. So tanong ko kung bakit, sabi niya na baka daw mag-resign na siya soon.

Lalo na akong nabigla dahil ang taas na ng posisyon niya sa kompanya. Sabi ko bakit. At doon na niya sinabi na noon pa niya gustong magsimula ng sariling practice sa province. Dalawa daw sila ng

kapatid niyang CPA. Ang original plan daw nila magtayo talaga ng office sa province. Taga-Isabela ang family niya. Pero hindi daw agree ang girlfriend niya kaya nag-stay siya sa kompanya, mas stable daw kasi `yon at dapat always stable kung magpapamilya. `Tapos bigla raw siyang pinagpalit noong babae sa isang tattoo artist.

Gulantang ako. Pero naawa ako sa kanya kasi parang hindi siya ang tipo ng taong magkukuwento ng personal na bagay. Siguro sobrang sama ng loob at paano mo naman din masisisi.

Nang dumating ang order namin, napansin kong mga putok-batok ang karamihan `tapos napangiti siya nang sinabing ilang liempo daw ang hindi niya kinain kasi healthy living ang

gusto ng girlfriend niya, pero pinagpalit siya sa manginginom na malaki ang tiyan at may vape shop. As in pinakita niya sa akin ang picture noong lalaki.

Umakting akong muntikan nang maihagis ang phone sa pagkagulat sa hitsura noong lalaki. Tawa siya nang tawa sa akin. "Funny girl" daw ako. Ewan, parang gusto ko talaga siyang mapasaya. Napakamatuwid kasi niya, tipong kapag niloko mo, talagang nasa `yo ang issue.

Kumain lang kami at pagkatapos, nagyaya siyang uminom. Siguro talagang broken ang pogi. Game ako kasi weekend na rin naman. May bar na walking distance sa condo niya. Doon kami nagpunta. Dahil noon ko pa siya type, aminado akong may something

akong nararamdaman, kilig, excitement. Lalo na at kakaiba ang tingin niya sa akin, may init. `Tapos malandi din siya sa akin. Imbes na magkatapat kami sa mesa, pumuwesto siya sa tabi ko. At makaraan ang ilang San Mig, para na kaming mga ahas na nagliligkisan.

To cut the long story short, niyaya niya ako sa condo niya, pumayag ako, at may nangyari. O, `di ba, ang rupok ko.

At dahil hindi ko alam kung paano siya haharapin noong umaga, hinayaan ko siyang unang magsalita. Nag-stay lang ako sa tabi niya. Binati naman ako ng "good morning," humalik sa pisngi ko. Ngumiti naman din. Salamat at hindi masyadong awkward dahil wala kami parehong binanggit tungkol sa

nangyari noong nagdaang gabi.

Sa mga susunod na araw, nagsimula akong bumuo ng pantasyang magiging kami. Sabay kaming kumakain minsan, ngumingiti siya sa akin, kahit pa nga hindi na siya nagyayang lumabas kami ulit. Pero nabura lahat ng pantasya ko nang malaman ko sa mga Marites na nag-file na raw siya ng resignation. Ang bruho, hindi man lang sinabi sa akin. Na-hurt talaga ako. Akala mo may something sa amin. Pero siguro mali ako kasi dapat in-expect ko na. Obvious naman na rebound lang ako.

Noong last day niya, pinatawag niya ako at sinabing uuwi na raw siyang Isabela. Hindi man lang ginawang Bulacan, Cavite, Batangas, o Laguna. Talagang tinodo sa layo, hindi ko

mabibisita nang uwian. Pero gusto ba akong pabisitahin in the first place? Walang sinabi. Eh, di sabi ko na lang, "Ingat, take care."

At ang bruho, tumango lang at nagpasalamat.

Aray.

Umandar ang mga araw, hindi ko rin inasahan na ang lakas ng impact sa akin. Noon ko na-realize na na-in love pala ako sa kanya. Puwede palang mangyari na mari-realize mo na lang na in love ka na pero wala na siya. Para akong nabudol ng puso ko.

Minsan, gusto ko siyang i-chat pero naisip ko, kung gusto niya naman siguro, napakadali namang mangumusta. Porke rebound nga ako, waley. Isa pa, naisip siguro niya na ang

layo ko naman, paano rin kami makakabuo ng something?

Isang gabi, siguro one month na rin mula nang makaalis siya, lasing-lasingan ako sa apartment. May ka-chat akong AFAM. Sinadya kong ipadala sa kanya ang picture ng kabundukan. Magpapanggap na lang ako ulit na nagkamali ng send. Para lang ba gumalaw-galaw naman ang chat namin na one month nang tengga. Bahala na.

Pero mukhang talagang wala na siyang balak pagalawin ang baso. Nag-seen lang, walang reaction ni katiting sa mga kabundukang ilang panahon lang eh in-enjoy niya, buwisit siya.

Nagdesisyon akong mag-move on. Kinalunisan, nagulat ako kasi may delivery ng bulaklak para sa akin. May

card ang roses, sabi: *Umaasa akong nagpapapansin ka lang at hindi nakikipag-chat sa iba kaya ka nagpadala ng pic. Effective, dahil napansin naman kita. Miss you.*

Bigla akong kinilig. Kinunan ko ng pic ang flowers, pinadala ko sa kanya.

Ang loko, nag-seen lang ulit. Nakakainis!

Ganoon nang ganoon ang nangyari. Puro seen siya at ako naman, puro picture message. Daig ko pa may ka-chat na no read, no write. Pero parang routine namin at araw-araw, may padala siyang kung ano-anong inoorder sa mga delivery service sa Manila. Doon sa mga `yon, may message siya.

Sa cake, may dedication na: *Mas daring ang picture, mas malaki ang cake.*

*Miss you*. Ang reply ko doon, mas inipit na pictures ng kabundukan.

Sa chocolates, sabi ng card niya: *Ipapasyal kita dito sa amin. Miss you*. At ang reply ko doon, picture ng maleta ko.

Minsan pa, nagpapadala ng imported deli sausages. Ang note, malamang na sinulat lang ng staff: *German sausages. Pero sa totoo lang, mas gusto ko ang Tuguegarao longganisa. Pagpunta mo dito, matitikman mo. Miss you*. Ang reply ko, picture ng booking ng airline, nasa page ng available dates ng flight pa-Cauayan City, Isabela. Meaning, super ready na ako at siya na lang ang hinihintay, lalakad na.

Gustong-gusto ko na siyang tawagan. Nababaliw na ako sa ginagawa namin. Pero parang enjoy naman din ako sa

laro namin. Hanggang isang weekend, nag-decide akong kung hindi pa rin niya ako sasabihang mag-file ng vacation leave, hindi ko na lang *rereplyan* bilang pag-iinarte.

Habang nagpe-prepare akong umuwi, iniisip ko ang strategy ko. At nang isukbit ko na ang bag ko, gulat na gulat ako nang marinig ang boses niya.

"Pauwi ka na niyan?"

"Migs!" sabi ko pagpihit.

Nakatayo siyang may dalang flowers, ngiting-ngiti. Ang guwapo-guwapo, fresh na fresh.

"I missed you," sabi niya.

Eh, di ano pa ba ang nangyari kundi dinaan ko na sa santong paspasan. Hinalikan ko na! Bakit, lalaki lang ba ang puwedeng maging agresibo?

Nagustuhan niya naman dahil ang tagal-tagal naming nag-kiss. Grabe `yon.

Three years ago na nga pala `yon. Nag-file ako ng leave, sabay sumama sa Isabela. `Yon pala, hindi naaprub ang leave ko kaya nasisante ako. Sorry naman. Pero ayos lang, inalok ako ni Migs ng work sa Isabela. Dahil sinusunod ko ang dikta ng puso, siyempre sumama agad ako.

After a few months, engaged na kami. At ngayon, buntis ako sa first baby namin. Dito na ako nakatira sa Isabela. Hindi ko inakala na ang isang missent message, magiging dahilan para magkaroon ako ng masayang pamilya. Aksidente o tadhana? Kayo na ang humusga.